Nagkaisa News

No. 5

Pagdiriwang at Pag-tatapos ng klase Halohalo Nihongo Class

Halo- halo Class

Halohalo Nihongo Class , ginanap ang 「Shuryou Shiki」Class Closing Ceremony nitong March 14, Sabado sa Fukushi Kouryu Center. Mula kay Ginoong Takemura Director ng HICE ang mga bata ay tumanggap ng Certificate sa kanilang pag-sisikap sa pag-aaral, kami ay masayang nagpapasalamat sa mga Magulang na dumalo at Japanese volunteer teacher na masisipag at matiyagang magturo sa mga bata.

★Naghandog ng munting regalo ang mga bata sa kanilang guro bilang pasasalamat.

★Pagkatapos ng ceremomy ng pagtatapos.Hindi mawawala ang tradisyon nating mga Filipino ang masayang salosalo



Seinen Class

Klase para sa mga batang papasok sa High School o tinatawag na Sr. High School, ito ay tuwing Martes at Sabado para sa paghahanda sa kanilang Entrance exam. Tinuruan ang mga bata ng tamang pagsulat ng sakubun 「essay」, gansho/application form at manner ng interview.

「Mensetsu Renshu」sa High School may Entrance Examination at Interview , na halos pareho sa atin ang pagkakaiba nga lamang ay ang tinatawag na mensetsu, Tinuruan ang mga bata ng tamang manner pagdating sa Interview kung paano umupo ng maayos, pananamit at sumagot ng maaayos sa mga tanong guro.

Bayanihan Nihongo Class Kosai
January 18 ~ March 15 (Sunday) 5times



Sa tulong ng Kosai Kokusai Kouryu Kyokai nagkaroon ang Filipino Nagkaisa ng Nihongo Class sa Kosai Washizu, at dahil ito ay limang beses na klase lamang pinili ng mga kababayan natin sa Kosai ang mga importanteng topic katulad ng

1. Jiko Shoukai , salitang ginagamit sa pagpapakilala .
2. Denwa no manner , ang magalang na pagtawag sa telepono
3. Shakai Hoken rules at sistema.
4. Kojyou de tsukau kotoba ,mga salitang ginagamit sa trabaho.
5. Pagbabalik ng mga pinag-aralan Test ,Shuryou shiki at salosalo

Guest mula sa Shin-ei haken gaisha itinuro ang sistema ng Shakai Hoken.

Bayanihan Nihongo Tenryuu

Nag papasalamat po ang Filipino Nagkaisa Family sa mga masisipag na Japanese Volunteer, namamahala sa Ken'ei Hamakita Danchi-Shuukaijyo at sa mga kabayang Pilipinong masipag na nag-aral ng Bayanihan Nihongo Class Tenryuu. Ito po ay klase tungkol sa mga mahalagang impormasyon tulad ng Shakai Hoken, Sistema ng pagtatapon ng Basura, School Event ng Paaralan sa Japan,Osoushiki at Disaster Prevention na ginanap noong Marh 8, kasabay ng Shuuryoushiki sa Nishikajima.

Bayanihan Nihongo Class Kosai (Shuryou Shiki and Salosalo)
March 15, Sunday @ Kosai Kokusai Kouryu Kyoukai

Sa maikling panahon ng aming pag-aaral ipinakita ng mga taga Kosai ang kanilang pagsisikap at interes sa pag-aaral na nais nilang matuto.Binigyan ng Certificate ang nakakompleto ng attendance.

Pagkatapos ng aming pag-aaral at bigayan ng Certificate nagkaroon ng masayang salosalo kasama ang katabing Class Nihongo Café, ito ay daan upang ipagpatuloy nila muli ang kanilang pag-aaral kasama ang ibang lahi. Mabuhay ang mga kababayan sa KOSAI! Maraming salamat po sa inyong lahat !!!

3rd Bilingual Lecturer・Japanese Volunteer Development Course (February 11, 2015)

~Minna de Chiiki o Tsukutte ikou~

Tinalakay sa seminar ni Kaneta Sensei 「Ang tungkol sa paggawa ng mga Bilingual Lecturer ng teaching materials at kung paano ito makakatulong sa mga dayuhang mag-aral na nais matutong magsulat, magbasa at magsalita sa wikang Nihongo」. Sa paggawa ng teaching materials (kyouzai) mahalagang pag-aralang mabuti ang nilalaman ng ituturo, kung paano ito madaling matandaan at paano magkaroon ng determinasyon ang mga mag-aaral na dagdagan ang kaalaman sa Nihongo upang magamit sa pang araw-araw na pamumuhay sa Japan. Pinag-usapan rin ang magandang katangian ng mga Japanese lecturer na makapag-bigay ng kaalaman sa pag-aaral ng Nihongo at mga kinakailangang impormasyon. Ang katangian ng Bilingual lecturer na maipaliwanag at maintindihan na gamit ang sariling wika ay makakatulong rin sa mga dayuhang mag-aaral. Ang paggamit ng questioner sheet ay makakatulong rin upang masukat ang kaalaman ng mag-aaral at matandaan ang mga mahahalagang Nihongo na magagamit sa oras ng pangangailangan.

☆Nagkaisa Bulletin☆

① Philippine Embassy Consular Mission

Date : May 16, (Sabado) 17 (Linggo)
Place : HICE (Hamamatsu Kokusai Kouryu Kyoukai)

Sa mga nagpasa ng passport application form huwag kalimutan Magdala ng LETTER PACK

4th Bilingual Lecturer ・Japanese Volunteer Development Course(March 14,2015)

~ Minna de Chiiki o Tsukutte ikou~

Ito ay seminar tungkol sa 「Activity Training para sa mabisang komunikasyon upang mapalapit sa mga naninirahang dayuhan sa Japan.」 Sinabi ni Sei Rumi Sensei na dapat pag-aralan at magpalitan ng kaalaman tungkol sa mga pagkakaiba ng kultura,tradisyon at kaugalian ng sariling bansa. Sa pag-aaral ng Nihongo mahalagang katangian ng mga dayuhang mag-aaral ang maging "good listener" , bilang lecturer kinakailangan ang tiwala sa sarili na maipaliwanag ng malinaw ang bawat aralin na tinatalakay at ang kasiyahan ng pagbigay ng kaalaman at impormasyon na kinakailangan ng mga dayuhang mag-aaral upang magamit na komunikasyon sa pang araw-araw na pamumuhay sa Japan.

② FM Haro 76.1

Amihama Familia
Tuwing unang linggo ng buwan
Filipino Nagkaisa
6:10pm~

「HICE Global Fair」

Feb 15, HICE Global Fair, Ang Filipino Nagkaisa ay sumali upang ipakilala ang ating Kultura. Ang mga bata ay nagsayaw ng Maglalatik ang mga manonood ay nasiyahan tinuruan sila ng mga bata kung paano sumayaw ayon sa rythem o tunog ng bao.
Nagkaroon din ng speech ang tema ay (My Life) isa sa miyembro ng Filipino Nagkaisa ang gumanap. maraming nanood ,naging masaya ang boung araw maraming salamat po!

Mga Miyembro・at mga nagbigay ng Donasyon。

Maraming salamat po sa inyong lahat! Member：１１７

Member（in alphabetical order）

☆AT-I Universal Driving Academy
☆Saito Jeebee
☆Shin-ei sogo service
☆HBL Hamamatsu Basketball League
☆WAS World Air Service
☆Kosai Koryu Kyokai
☆Servitu Restaurant
☆Hamamatsu sogo Law Office
☆Hiramoto Ryoichi Jimusho

FN Staff

Chairman ： ☆Nakamura Grace
Vice Chairman ： ☆Hirahara Ethel
☆Hanba Kazumi

Staff ： ☆Ogai Elizabeth
☆Sugiyama Darlene
☆Suzuki Eva
☆Takai Marie
☆Tanaka Hiromi
☆Hernandez Daria
☆Matsumoto Yoshikazu
☆Yamaura Yuko
☆Yoshida Saori

Auditor ： Zeirishi hōjin
Sobue kaikei jimusho Reimei

Editor's note

Nitong taon ng January 28, ay nag-punta ang NPO Filipino Nagkaisa Staff sa Nagaizumicyo, Shizuoka ken. Nakatanggap ng karangalan sa Ippan Zaidan Houjin Kigyou Keiei Kenkyuu Jo. Kaya binigyan ng karangalan ay sa katunayan, nasa 20 taon na Pagsisilbi at Pagtulong sa mga mamayang Fil-ipino na naninirahan dito sa lugar ng Hamamatsu City.

Oshaberi Volunteer Boshuu / Looking for Friendly & Approachable Volunteer

Ang lahat po ay inaanyayahan ng「Bayani-han Nihongo Class」

kasama po ang mga Japanese Oshaberi Volun-teer upang mag participate sa ibat-ibang topic ng pag-aaralan ukol sa pamumuhay sa Japan at pakikipag usap sa mga pilipinong mag-aaral upang masanay makipag-komunikasyon sa wikang Nihongo.

☆Filipino Nagkaisa Gabay Ukol sa Aplikasyon ng Membership☆

Benepisyo ng Miyembro

①Original Filipino Nagkaisa ID！

②Filipino Nagkaisa mga event and activities libreng dumalo o bibigyan discount

③Lahat ng activity o klase ng Filipino Nagkaisa、hindi inaasa-hang

＜Taunang Membership Fee＞

Indibidwal Matanda： 4,000円
Indibidwal Bata： 1,000円
Miyembrong Organisasyon Per Share：10,000円

＜Maki-pag-ugnayan＞

Tel ：080-4308-8380（Nakamura Tagalog）
090-9175-8380（Yamaura Nihongo）
Mail:filipinonagkaisa@yahoo.co.jp
Website：http:// filipinonagkaisa.org/